Ikaapat na Kwarter Modyul

SENIOR HIGH SCHOOL

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

# Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

Ikaapat na Kwarter Modyul
7:



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

**Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Senior High School**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Kuwarter – Modyul 7: Konsepto ng Pananaliksik**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman. Kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na nagamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsusumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

*Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon* Kalihim:
**Leonor Magtolis Briones**
Pangalawang Kalihim: **Alain Del B. Pascua**

**Mga Bumubuo ng Modyul para mga Mag-aaral**

Manunulat: Dexie P. Dilag, Maricar C. Ranara,
Bonifacio N. Gegato Jr, Marben A. Oco
Tagasuri ng Nilalaman: Johanna Vanessa C. Obedencio
Tagasuri ng Lengguwahe: Mary Ann A. Maglangit, Russel Kerr E. Galarroza
Tagabalibasa: Louella Jean B. Mariano
Tagasuri : Jessah M. Lapore
Leonor C. Reyes,MAEDFIL
Mga Tagaguhit: Perlito L. Lomongo
Naglayout: Jupiter B. Acosta
Mga Tagapamahala:
Pangulo: Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III
*Regional Director*
Pangalawang Pangulo:Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V
*Assistant Regional Director*

Jonathan S. dela Peña, PhD, CESO V
*Schools Division Superintendent*

Rowena H. Para-on, PhD
*Assistant Schools Division Superintendent*

Mala Epra B. Magnaong, *Chief ES, CLMD*
Kasapi:Neil A. Improgo, *PhD,EPS-LRMS*; Bienvenido U. Tagolimot, Jr.,PhD, *EPS-ADM*; Erlinda G. Dael, PhD, *CID Chief*; Sally S. Aguilar, PhD, *EPS Filipino*; Celieto B. Magsayo, *LRMS Manager*; Loucile L. Paclar, *Librarian II*;
Kim Eric G. Lubguban, *PDO II*

Inilimbag sa Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Misamis Oriental**
Office Address: Don Apolinar Velez Street, Cagayan de Oro City, 9000
Telephone Nos: (088) 881-3094 | Text: 0917-8992245
E-mail Address: misamis.oriental@deped.gov.ph

SENIOR HIGH SCHOOL

# Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

## Ikaapat na Kwarter Modyul 7
## Konsepto ng Pananaliksik

Ang modyul na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

# PANIMULANG MENSAHE

Sadyang ginawa ang modyul na ito para maipagpatuloy ang daloy ng edukasyon sa kabila ng mga pagsubok na nakaamba sa paligid. Bahagi lamang ito sa serye ng mga modyul na iyong tatapusin bilang pangangailangan ng asignaturang **Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.** Bigyan mo lamang ng sapat na panahon at tiyaga para unawain ang bawat bahagi ng modyul na ito at tiyak na maraming karunungan ang iyong mapupulot sa iyong sariling pagsisikap.

Sa materyal na ito, sinasanay ka na maging lohikal at kritikal sa pagsusuri ng iba't ibang anyo ng teksto sa pamamagitan ng mga simpleng aralin at mga gawain na maghahanda sa iyo sa pagbuo ng makabuluhang pananaliksik. Ang modyul na ito ay hinati sa iilang mga bahagi na may magkatimbang na halaga sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay hinati sa mga sumusunod na bahagi:

**Alamin –** Sa bahaging ito inilalahad ang mga Kasanayang Pampagkatuto na sisikapin nating matamo sa buong semestre.

**Subukin –** Dito susubukin ang iyong ang lawak ng iyong kasalukuyang kaalaman tungkol sa paksa.

**Yugto ng Pagkatuto –** Sa bahaging ito, matututunan mo ang araling itinakda sa modyul na ito na hinati pa sa iilang mga bahagi gaya ng balikan, tuklasin, suriin, pagyamanin, isaisip at isagawa.

**Tayahin –** Malalaman mo sa bahaging ito kung sadya bang naunawaan mo ang bagong araling napag-aralan sa pamamagitan ng pagtataya ng natamong kaalaman.

**Karagdagang Gawain –** Upang mas mapalawak at mapalalim pa ang iyong kaalaman sa araling ito, isa pang gawain ang iyong kailangang tapusin sa bahaging ito.

Lahat ng iyong mga kasagutan sa mga gawain ay isusulat mo sa kalakip na *Activity Sheets*. Maaari kang gumamit ng dagdag na papel bilang burador bago mo pinal na isulat sa *Activity Sheets.*

Ayon kay Aristotle, "*Ang ugat ng karunungan ay mapait, subalit ang bunga ay matamis*" kaya, hinihikayat kita na pag-igihan ang makabagong paraan ng pagbahagi ng karunungan. Maaaring may mga pagkakataon na malulumbay o mawawalan ka ng dahilan upang matuto ngunit pakatandaan na ang iyong pagsisikap ay tiyak na magbubunga ng kasaganahan.

Halina't matuto!

*Mga May-akda*

## ALAMIN

Sa modyul na ito, tatalakayin ang ilang prinsipyo sa pagbuo ng isang papel pampananaliksik. Ang mga kasanayang matututunan mo dito ay makatutulong nang malaki upang maihanda ka sa mga gawaing pampananaliksik na pangkolehiyo. Kabilang dito ang Paraan sa Pagpili ng Paksa at Pagsulat sa Tentatibong Balangkas.

Mahalagang matutunan mo bilang mag-aaral ang pananaliksik. Makatutulong ito upang madagdagan ang iyong karanasan, kaalaman, at kamulatan sa mga kaalamang pandaigdig nang sa gayo'y mapakinabangan ito ng iyong sarili, pamilya, komunidad at lipunan.

Makikita sa modyul na ito ang yugto ng pagkatuto na **balikan**, **tuklasin**, **suriin**, **pagyamanin**, **isaisip**, **isagawa** at **tayahin**. Sa simula at wakas ng modyul, may mga pagtataya na naglalayong subukin ang iyong kaalaman bago matapos ang aralin upang mapaunlad ang iyong kasanayan sa pangkabatiran (cognitive), pandamdamin (affective), at saykomotor (psychomotor).

Inaasahang sa katapusan ng modyul na ito ay matatamo mo ang mga sumsusunod na kasanayan:

1. Nasusuri ang ilang halimbawang pananaliksik batay sa etika sa pananaliksik; **(F11PB-IVab- 100)**
2. Nabibigyang kahulugan ang konsepto ng pananaliksik ayon sa kahulugan at kalikasan nito; (**F11PT - IVcd – 89)**
3. Naiisa-isang tukuyin ang tamang proseso ng pagsulat ng pananaliksik batay sa etika ng pananaliksik -- plagiarismo; (**F11PU- IVef – 91)**

## ANG PAPEL PANANALIKSIK

“Ang pananaliksik ay isang barometro ng kahusayan ng isang mag-aaral – pinatutunayan nito na napagtatagumpayan niya ang mga hamon ng akademya sa pagtuklas ng malawak na karunungang matatagpuan sa labas nito” – ito ay tahasang sinabi nina Mayor at Ganaban, 2011



## SUBUKIN

**PANIMULANG PAGTATAYA**

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

_____1. Ang pananaliksik ay isang barometro ng kahusayan ng isang mag-aaral – pinatutunayan nito na napagtagumpayan niya ang mga hamon ng akademya. Kaninong pahayag ito ?

A. Mayor at Ganaban 2011
B. O'Hare at Funk C. Bernales et al., 2012
D. Santiago 2015

_____2. Ang *research* ay hango sa matandang salitang ______ na recherchẹ̆.

A. Pranses
B. Ingles
C. Katutubo
D. Tagalog

_____3. Ang *plagiarism* ay nakuha mula sa Latin *"plagiaries*" na ang literal na ibig sabihin ay __________. A. Iskolar
B. Magnanakaw
C. *Kidnapper*
D. *Snatcher*

_____4. Sa paglalahad ng katotohanan, maaring magbanggit ng mga awtoridad o eksperto ng paksa.

A. Ang malinaw na paglahad ng opinyon at katotohanan
B. Pantay na paglalahad ng ideya
C. Paggalang sa magkaibang pananaw
D. Gumagamit ng katibayan

_____5. Ang manunulat ay dapat maglahad ng mga impormasyon sa iba't ibang pananaw at magtakda ng lawak o saklaw nito .

A. Ang malinaw na paglahad ng opinyon at katotohanan
B. Pantay na paglalahad ng ideya C. Paggalang sa magkaibang pananaw
D. Organisado.

_____6. Ang pananaliksik ay isang pangangalap ng impormasyon mula sa iba't ibang hanguan sa pamamaraang impormatibo at obhektibo. Ito ay isang paraan o proseso ng pagtuklas sa pamamagitan ng makaagham na paraan upang masagot ang mga katanungan, matugunan ang mga pangangailangan, at mapagtibay ang mga dating kaalaman. Sino ang nagpahayag nito?

A. Mayor at Ganaban 2011
B. O'Hare at Funk
C. Bernales et al., 2012
D. Santiago 2015

_____7. Napakahalaga ng pananaliksik at tamang ___.
A. proseso at Sistema
B. pangangalap ng impormasyon
C. pagtukoy sa mga tagatugon
D. pagsasayos

_____8. Sa pananalisik, dapat na ilahad ang tunay na pagkakakilanlan ng mga *respondent* o tinatawag na ______________.
A. may- akda
B. may-ari
C. tagatugon
D. awtor

_____9. Sa paglabag ng *Intellectual Property Rights,* maari kang makasuhan ng ?
A. pandaraya
B. *Intellectual Abuse*
C. kriminal
D. kasong sibil

_____10. Ang *self –plagiarism* ay kilala sa tawag na __________. A. *recycling fraud*
B. panloloko
C. *self –righteous*
D. pandarambong

_____11. Ang sumusunod ay kabutihang dulot ng pananaliksik maliban sa isa.
A.Nadagdagan at lumalawak ang kaisipan
B.Lumalawak ang karanasan
A. Nalilinang ang tiwala sa sarili
B. Nakabubuo ng katapangan

_____12. Kadalasang tumutugon sa ideyang tatalakayin sa isang sulating pananaliksik. A. Datos
B. Paksa
C. Anyo
D. Proseso

_____13. Ito ay karaniwang tumutukoy sa iyong ginawa na parehong-pareho mula sa iyong pinagkunan.
A. Partial Plagiarism
B. *Source Plagiarism*
C. *Full Plagiarism*
D. *Minimalistic Plagiarism*

_____14. Ito ay isa sa mga mabuting dulot ng pananaliksik kung saan taglay mo na bilang mag-aaral ang kasanayang magtipon ng impormasyon hinggil sa isang paksa at mag-ulat ng iyong natuklasan

A. Nadagdagan at lumalawak ang kaisipan
B. Lumalawak ang karanasan
C. ang tiwala sa sarili
D. Nakabubuo ng katapangan

_____15. Ito ay may dalawa o higit pang kinopyang pinagkunan at kombinasyon ng mga ito ang kinalabasan ng iyong ginawa.

*A. Partial Plagiarism*
*B. Source Plagiarism*
*C. Full Plagiarism*
*D. Minimalistic Plagiarism*


## YUGTO NG PAGKATUTO



### BALIKAN

Sa huling modyul, natutunan mo ang pagsusuri at pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto na magagamit mo sa pagbuo ng papel pananaliksik. .Punan ang dayagram sa paglalahad sa mga uri ng teksto na may pahapyaw na paliwanag sa bawat isa sa labas ng dayagram. Isulat sa sagutang papel at ang paliwanag nito ay sa labas na ng dayagram.

**URI NG TEKSTO**



# TUKLASIN



Sa puntong ito, subuking sagutin ang mga sumusunod na katanungan bilang paghahanda sa gawaing pananaliksik. Suriin ang larawang nasa itaas sa ***ALAMIN*** bahagi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-anong bagay sa iyong paligid ang bunga ng pananaliksik?

2. Sa paanong paraan kaya ito nabuo?



3. Ano-ano pang mga bagay ang nais mong malaman hinggil dito?

## SURIIN

## Kalikasan ng Pananaliksik

*Nakapaloob sa araling ito ang tungkol sa papel pananaliksik at mga pamamaraan nito.*

**Konsepto sa Pananaliksik**

Ang lahat ng mga tanong mo sa buhay kaibigan ay unti-unting mabibigyan ng sapat na sagot sa pamamagitan ng pananaliksik.

Ang *pananaliksik* ay isang maingat at sistematikong pag-aaral at pagsisiyasat sa ilang larangan ng kaalaman na isinasagawa upang tangkaing mapagtibay ang katwiran.

Ang *research* ay hango sa matandang salitang Pranses na recherchệ galing na ang ibig sabihin sa Ingles ay *to seek and to search again*.

Kung gayon kaibigan, marami ka nang alam. Sa ibabang bahagi, maaaring buuin ang konseptong nawawala gamit ang *graphic organizer* .




https://www.freepik.com/free-vector/research-background-design_1028140.htm



**Mga Kabutihang Dulot ng Pananaliksik**

**1. Nadagdagan at lumalawak ang kaisipan**

Sa puntong ito ay inaasahang taglay mo na bilang mag-aaral ang kasanayang mag-ipon ng mga impormasyong hinggil sa isang paksa at magulat ng iyong natuklasan. Lumalawak ang kaisipan ng isang mananaliksik dahil sa walang humpay na pagbabasa, pag-iisip, panunuri, paglalahad at paglalapat ng interpretasyon.

**2. Lumalawak ang karanasan**

Tunay ngang mahalagang taglayin ang kasanayan sa paghahanap at pagtingin sa mga naisulat hinggil sa paksang pinag-aralan upang mapalawak ang karanasan ng isang manunulat sa mundo ng pananaliksik. Ang kasanayang ito ay napauunlad dahil sa marami siyang nakasalamuha sa pangangalap ng mga mahahalagang datos, pagbabasa at paggalugad sa mga kaugnay na literatura.

**3. Nalilinang ang tiwala sa sarili**

Ang kasanayan ay mapakikinabangan hindi lamang sa pag-aaral kundi pati na rin ang pagkaroon ng respeto at tiwala sa sarili kung maayos at matagumpay na naisakatuparan ang alinmang pag-aaral na isinagawa. Bilang isang mag-aaral sa pananaliksik, marapat lamang na tingnan ang sarili bilang isang iskolar na masigasig na kabahagi ng isang gawaing pang-iskolar.

## Tungkulin at Responsibilidad ng Mananaliksik

Tungkulin ng mananaliksik ang sumagot sa sarili niyang katanungan at patunayan sa sarili ang kaniyang mga pag-aakala at pananaw nito. https://ww w.freepik.com/

Dapat ding isaalang-alang ng mananaliksik ang paggalang sa mga datos na nakalap, sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa *intellectual property* at mga taong kakapanayamin.

Lalong-lalo na mahalaga ang kredibilidad ng isang mananaliksik. Ang pagiging orihinal sa ginawang papel pananaliksik na magtatakda ng kahusayan sa pagtuklas

### Plagiarism

Ang *plagiarism* o panunulad ay nakuha mula sa salitang Latin *"plagiaries"* na ang literal na ibig sabihin ay *kidnapper*. Ayon sa diksyunaryo, ito ay isang paraan ng pagnanakaw; kung saan ang isang tao ay gumamit o ng hiram ng ideya o gawa ng iba at hindi nilagay ang pinagkunan o binigyan ng *credit* ang kanyang pinagkukunan. Maraming tao ang gumagawa nito pero kadalasan ay hindi nila alam na nakagawa na sila ng pagkakamali.

### Mga Anyo ng Plagiarism

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga anyo ng *plagiarism* na kadalasang ginagawa tulad ng:

***1. Minimalistic Plagiarism***

Ito ay isang uri ng *plagiarism* kung saan ang mga ideya o konsepto na nakuha o nabasa mo mula sa kanilang *sources* ay kanilang ginamit pero sarili nilang salita o *paraphrasing.*

***2. Full Plagiarism***

Ito ay karaniwang tumutukoy sa iyong ginawa na parehong pareho mula sa iyong pinagkunan. Bawat salita, parirala o talata ay gayang-gaya mula sa pinagkukunan.

***3. Partial Plagiarism***

Ito ay may dalawa o mahigit pa ang iyong pinagkukunan at kombinasyon ng mga ito ang kinalabasan ng iyong ginawa. Dito nangyayari ang *rephrasing* o pagbabago ng ilang salita.

***4. Source Citation***

Ito ay tumutukoy sa uri ng *plagiarism* kung saan maaring binigay ang pangalan ng may-akda o pinagkunan pero hindi na madaling mahanap dahil kulang o hindi sapat ang impormasyon na binigay. Minsan naman ay mali ang ibinibigay na pinanggalingan ng impormasyon o pinagsasama ang ilang sariling sinulat sa akda ng iba. Ang isang '*ghostwriter*' ang matatawag na isang ganap na *plagiarist* dahil gawain nila ang sumulat ng mga sulatin na ginawa ng iba ang inaako na parang sila ang gumawa.

***5. Self-Plagiarism***

Ito ay isang uri ng *plagiarism* kung saan inilathala mo ang isang materyal na nalathala na pero sa ibang *medium*. Maaring sa iyong ginawang artikulo, libro atbp.,ay may katulad o sadyang ginaya at hindi mo tinukoy kung saan mo ito nakuha o ginaya. Ito ay kilala din bilang *"recycling fraud".*

***6. Intellectual Property Law***

Ang *Intellectual Property Law* ay uri ng batas kung saan ang mga nagimbentong mga manunulat, *artist* atbp., ay binibigyan ng '*exclusive property rights'* o sila ang kinikilalang nagmamay-ari ng kanilang ginawa. Dahil sa *exclusive property rights* na ito, hindi natin basta-bastang magagamit o makikita ang bagay na kanyang ginawa o naimbento hanggang hindi niya pinapayagan. Sa Lehislatura ng Pilipinas kinikilala ito bilang *Republic Act No. 8293 o Intellectual Property Code of the Philippines.* Ilan sa uri ng *intellectual property rights ay copyrights,trademarks,patents,industrial design rights and trade secrets.* Sources: Plagiarism. (n.d.). Wikipedia Retrieved November 29, 2010.



Napakahalaga sa isang pananaliksik ang tamang proseso at sistema ng pangangalap ng mga datos. Samakatuwid, maipapalagay na ang pananaliksik ay ang muling pagtuklas ng impormasyon o bagong kaalaman. Ang isang pananaliksik ayon kina O'Hare at Funk ( 2000 sa Bernales et al., 2012) ay isang pangangalap ng impormasyon mula sa iba't ibang hanguan sa pamamaraang impormatibo at obhektibo. Ito ay isang paraan o proseso ng pagtuklas o pagdiskubre sa pamamagitan ng makaagham na paraan upang masagot ang mga katanungan, matugunan ang mga pangangailangan, at mapagtibay ang mga dating kaalaman.

## Etika ng Pananaliksik

Sa pagsasabatas ng *Intellectual Property Rights,* kailangan ang mahigpit na pagsunod sa mga probisyong nito upang makaiwas sa anumang kasong sibil at kriminal na maaaring kahantungan ng isang mananaliksik.

Narito ang ilang matatawag na Etika ng Mananaliksik.

1. Paggalang sa karapatan ng iba
2. Pagtingin sa lahat ng mga datos bilang *confidential*
3.Pagiging matapat sa bawat pahayag
4. Pagiging obhektibo at walang kinikilingan

*Ngayon na alam mo na ang tungkol sa pananaliksik, ang kabutihang dulot, tungkulin at responsibilidad ng mananaliksik, plagiarism at etika ng mananaliksik. Palalimin natin ang iyong pag-unawa sa pamamagitan ng ilan pang mga gawain.*




## GAWAIN 1

**I.** Balikan ang talakayan tungkol sa pananaliksik. Suriin at intindihin nang mabuti upang masagot ang tanong na inihanda.


Ano ang mahalagang dulot ng pananaliksik sa buhay mo bilang mag-aaral? Isulat sa patalatang pamamaraan sa iyong sagutang papel.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________



**II.** Matapos mabasa ang mga artikulo sa pananaliksik, sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-ano ang katangian na dapat taglayin ng isang mananaliksik?
2. Ano-anong mga hanguan ang iyong kakailanganin upang magkaroon ng katibayan ang iyong pananaliksik?
3. Mayroon ka na bang malinaw na daang tatahakin tungo sa pagbuo ng pananaliksik na isasagawa?




## PAGYAMANIN



## GAWAIN 2

A. Ipagpalagay natin ngayon na ikaw ay kumakain ng sorbetes, parang lumamig tuloy ang iyong katawang lupa diba? Isulat sa loob ng sorbetes kung ano ang iyong naramdaman, nakita at nasabi habang ikaw ay kumakain ng masarap at makulay na sorbetes sa iyong imahinasyon.

Iugnay ito sa larangan ng pananaliksik.




B. Magtala ng mga bagay sa bahay na sa tingin mo ay bunga ng Pananaliksik at sagutin ang tanong sa ibaba.

**BAGAY** Sa mga bagay na iyong naitala, ano sa tingin mo ang kahalagahan ng pananaliksik sa buhay ng tao?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________ ________________________________________

________________________________________

______________________________

________________________________________

______________________________

________________________________________

______________________________

________________________________________

______________________________

________________________________________

______________________________

________________________________________

## ISAISIP

Sa kabuuan, masasabi na ang pananaliksik ay itinuturing na isang mahalagang san gkap sa buhay ng tao. Sa paraang ito, natututo at nagsisimulang magtanong ang mga tao sa mundo tungkol sa mga bagay -bagay. Subalit may mga limitasyon ang pagtuklas ng kaalaman at may mga dapat sundin bilang isang mahusay na mananaliksik sa hinaharap. Nawa' y ang lahat ng natutunan mo sa araling ito ay maikintal sa iyong isipan.

Kaibigan, ika'y tapos na sa araling ito na hindi namalayan. Binabati kita sa walang-sawang pagbabasa at pagsagot ng mga inihandang gawain. Hangad ko ang iyong tagumpay sa susunod na aralin. ☺

## ISAGAWA

A. Tingnan at alamin kung ano-anong "Etika ng Mananaliksik" ang maaaring nilabag sa sumusunod na sitwasyon at bakit.

Nagsagawa si Bb. XYZ ng pananaliksik hinggil sa paksang "Isang Pag-aaral sa mga Sanhi at Bunga ng Pangmamaltrato sa mga Kasambahay". Matapos makakuha ng mga datos at detalye mula sa pakikipanayam, pagmamasid, at pagbabasa, may mga natuklasan siyang taliwas sa kanyang layunin sa isinagawang pag-aaral. Ilang estadistika ang binago niya upang ang resulta ay maging pabor sa nais niyang maging kalabasan ng pananaliksik. Gayundin, inilahad din niya ang mga tunay na pagkakakilanlan sa kanyang mga tagatugon.

**IPALIWANAG ANG SAGOT:**

B. Magsaliksik ka ng isang pag-aaral sa Filipino mula sa *internet* at basahin ito. Himay-himayin ang mga bahagi nito at alamin kung may plagiarism o panunulad bang naganap.

| Bahagi ng Pananaliksik na may Plagiarismo | Patunay o Katibayan |
|---|---|
| **1.** | |
| **2.** | |
| **3.** | |

## TAYAHIN



**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang na nakalaan.Titik lang ang isulat sa sagutang papel.

_____1. Ang pananaliksik ay isang barometro ng kahusayan ng isang mag-aaral – pinatutunayan nito na napagtagumpayan niya ang mga hamon ng akademya ,ito ayon ni ?

A. Mayor at Ganaban 2011
B. O'Hare at Funk C. Bernales et al., 2012
D. Santiago 2015

_____2. Napakahalaga sa pananalisik ang tamang ___.
A. proseso at sistema
B. pangangalap ng impormasyon
C. pagtukoy sa mga tagatugon
D. pagsasayos

_____3. Sa pananalisik, dapat na ilahad ang tunay na pagkakakilanlan ng mga respondent o tinatawag na _________.
A. may- akda
B. may-ari
C. tagatugon
D. awtor

_____4. Sa paglabag ng *Intellectual Property Rights* maari kang makasuhan ng ___________. A. pandaraya
B. *Intellectual Abuse*
C. kriminal
D. kasong sibil

_____5. Ang *self –plagiarism* ay mas kilala sa tawag na ______________.
A. recycling fraud
B. panluluko
C. *self –righteous*
D. pandarambong

_____6. Ang pananaliksik ay isang pangangalap ng impormasyon mula sa iba't ibang hanguan sa pamamaraang impormatibo at obhektibo. Ito ay isang paraan o proseso ng pagtuklas o pagdiskubre sa pamamagitan ng makaagham na paraan upang masagot ang mga katanungan, matugunan ang mga pangangailangan, at mapagtibay ang mga dating kaalaman. Sino ang nagpahayag nito?
A. Mayor at Ganaban 2011
B. O'Hare at Funk
C. Bernales et al., 2012
D. Santiago 2015

_____7. Ang *research* ay hango sa matandang salitang ______ na recherchḝ.
A. Pranses
B. Ingles
C. Katutubo
D. Tagalog

_____8. Ang *plagiarism* ay mula sa salitang Latin na *"plagiaries*" na ang literal na ibig sabihin ay __________. A. Iskolar
B. Magnanakaw
C. *Kidnapper*

D. *Snatcher*

_____9. Sa paglalahad ng katotohanan maari kang magbanggit ng mga awtoridad o eksperto ng paksa sa __.

A. Ang malinaw na paglahad ng opinyon at katotohanan
B. Pantay na paglalahad ng ideya
C. Paggalang sa magkaibang pananaw
D. Gumagamit ng katibayan

_____10. Ang manunulat ay dapat maglahad ng mga impormasyon sa iba't ibang pananaw at magtakda ng lawak o saklaw sa mga pananaw na ito.

A. Ang malinaw na paglahad ng opinyon at katotohanan
B. Pantay na paglalahad ng ideya
C. Paggalang sa magkaibang pananaw
D. Organisado

_____11.Ang sumusunod ay mga kabutihang dulot ng pananaliksik,maliban sa isa.

A.Nadagdagan at lumalawak ang kaisipan
B.Lumalawak ang karanasan
C.Nalilinang ang tiwala sa sarili
D.Nakabubuo ng katapangan

_____12. Kadalasang tumutugon sa ideyang tatalakayin sa isang sulating pananaliksik.

A.Datos
B.Paksa
C.Anyo
D.Proseso

_____13. Ito ay karaniwang tumutukoy sa iyong ginawa na parehong pareho mula sa iyong pinagkunan.

A.*Partial Plagiarism*
B.*Source Plagiarism*
C.*Full Plagiarism*
D.*Minimalistic Plagiarism*

_____14. Ito ay isa sa mga mabuting dulot ng pananaliksik kung saan taglay na bilang mag-aaral ang kasanayang magtipon ng impormasyon hinggil sa isang paksa at mag-ulat ng iyong natuklasan.

A.Nadagdagan at lumalawak ang kaisipan
B.Lumalawak ang karanasan
C.Nalilinang ang tiwala sa sarili
D.Nakabubuo ng katapangan

_____15. Ito ay may dalawa o mahigit pang pinagkunan at kombinasyon ng mga ito ang kinalabasan ng iyong ginawa.

A.*Partial Plagiarism*
B.*Source Plagiarism*
C.*Full Plagiarism*
D.*Minimalistic Plagiarism*

## KARAGDAGANG GAWAIN

Ngayon, gusto mo bang gumamit ng makabagong elektroniko? Magsimula nang magsaliksik sa iyong *cellphone* o sa *internet café.* Basahin ang nakalap na impormasyon sa internet tungkol sa mga sumusunod na paksa: Isulat ang mga nakalap na datos

1. *Is plagiarism a crime* sa www.philstar .com
2. Bawal na pangongopya sa www.vsb.bc.ca/tagalog
3. *Five principles for research ethics* sa www.apa.org

Kumpletuhin ang sumusunod na pangungusap sa pamamagitan ng pagpupuno sa mga patlang para mabuo ang diwa nito. Isulat sa sagutang papel.

Maliban sa akademikong gawain, magagamit ko ang pananaliksik sa mga ______________________________________________

Mapahuhusay ko ang aking pagiging mausisa sa pamamagitan ng ______________________________________________

Ang katangian ng mananaliksik na lilinangin ko sa aking sarili ay ang ______________________________________________

dahil ______________________________________________

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Panimulang Pagtataya**

1. C
2. A
3. B
4. D
5. A
6. C
7. A
8. C
9. D
10. A
11. D
12. A
13. C
14. C
15. A

Paalala: Nasa guro na kung ilang puntos ang kanyang ibibigay at bukas din ang mga kasagutan ng mga mag-aaral
Balikan
Pagyamanin
Isagawa

**Panapos na Pagtataya**

16. A
17. A
18. C
19. D
20. A
21. B/C
22. A
23. C
24. D
25. C
26. D
27. A
28. C
29. C
30. A

# TALASANGGUNIAN


**MGA AKLAT**

Dayag,Alma M..Pinagyamang Pluma:*Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*,Phoenix Publishing Company.2016

Galang, Teresita T. et.al. *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Rex Bookstore,2000

Lazaro, Isagani L. *Mga Dakilang Lider na Pilipino*. Binagong Edisyon Metro Manila. National Book Store, Inc.

Marquez, Servillano T. Jr. *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.* Sibs Publishing House Inc. 2016

Almario, Virgilio S. (Ed.), Poetikang Tagalog*:Mga unang pagsusuri sa sining ng pagtulang Tagalog* .Lungsod ng Quezon: UP Diliman,1996

Bernales, Rolando, Atienza, Glecy, Talegon, Vivencio Jr., at Rovira, Stanley. *Kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pananaliksik*. Valenzuela City: Mutya Publishing House Inc.2006

Bernales, Rolando A. Bukal 3: *Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto*.San Mateo, Rizal:Vicente Publishing House, Inc.2006

Tumangan, Alcomister P., Bernales, Rolando A., Dante C. & Mangonon, Isabela A. Sining ng pakikipagtalastasa:Pandalubhasaan.Valenzuela City: Mutya Publishing House Inc,2000

De Jesus, Armado F,. Institutional research capability and performance at the University of Santo Tomas: *Proposed model for managing research in private* HEIs. Di-nalathalang disertasyon, UST.2000

Maddux, K. , March. True stories of the interest patrol. Net Guide Magazine, 88-98.1997

Nolasco, Ma. Ricardo. 1998, Hunyo. *Ang panglinggwistiks na pagsasalin sa wikang pambansa*. Lagda, 12-20.

Burgess, Patricia,. A guide for research paper: APA style.1995

**WEBSITE**

http://webster.commet.edu/apa/apa_intro.htm#content2

Comments and criticisms on Gabriel Garcia Marquez's Love in the Time of Cholera.

http://Gabrielgarciamarquez.edu.ph

http://atin-americanliterature.edu.ph

https://www.freepik.com/free-vector/research-background-design_1028140.htm

For inquires or feedback, please write or call:

Department of Education – (Bureau/Office)

(Office Address)

Telefax:

Email Address